


**THE YEAR 2 DIAGNOSTIC NET**
**ANG PAMAMARAANG PAGSUSURI SA TAON 2**

Tagalog

# Impormasyon para sa mga Magulang










SHAPING THE FUTURE

Pagpapasimuno ng Pamahalaan ng Queensland sa Pagtaguyod ng Pag-unlad sa Karunungang Bumasa't Sumulat at Pagbilang sa mga Unang Taon ng Pag-aaral.



## Bakit sinimulan ang Pamamaraang Pagsusuri sa Taon 2?

Nangako ang Pamahalaan ng Queensland na magsiyasat ng mga paraan upang mapabuti ang pagdunong at pagtuturo sa lahat ng bahagi ng pag-aaral. Ang mahalagang bahagi ng pangakong ito ay ang paghahanap ng mga paraan upang matiyak na lahat ng mga bata ay magkamit ng pinakamataas na uri na karunungang bumasa't sumulat at pagbilang.

Lubusang kinikilala na ang pagbubuti ng uri ng karunungang bumasa't sumulat at pagbilang ay ang maagang pagtuklas sa mga bata na maaaring mangangailangan ng karagdagang tulong.

Simula ng 1995, inumpisahan ng Pamahalaan ng Queensland ang sistema sa maagang pagsubaybay at pagsiyasat sa kaunlaran ng karunungang bumasa't sumulat at pagbilang ng mga bata. Ang sistemang ito ay tatawaging ang Pamamaraang Pagsusuri sa Taon 2. Ang mga batang natuklasan ay tatanggap ng karagdagang tulong sa kanilang pansariling pangangailangan sa pag-aaral.

## Ano ang kalakip ng Ang Pamamaraang Pagsusuri sa Taon 2?

Kabilang sa Ang Pamamaraang Pagsusuri sa Taon 2 ay apat na hakbang sistema. Ang mga maestra ng mga bata na nasa Taon 1 at 2 ay:

- maingat na susubaybayan ang kaunlaran ng mga bata sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang;
- isasali lahat ang mga bata na nasa Taon 2 sa sinadyang itinalagang gawain sa umpisa ng pasukan;
- magkakaloob ng karagdagang tulong sa mga batang natuklasan sa pamamagitan ng pamaraang ito;
- magbibigay ng ulat sa mga magulang tungkol sa kaunlaran ng kanilang anak sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang.

## Paanong susubaybayin ang pag-unlad ng inyong anak sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang?

Sa 1995 at 1996 mag-uumpisa ang mga maestra ng mga bata na nasa Taon 1 at 2 sa pagsubaybay ng kanilang kaunlaran sa Pagbabasa, Pagsulat, at Pagbilang. Mula sa 1997, mararagdagan ito ng apat na bagay pa: Pagbaybay (Spelling), Pagsasalita, Kalawakan at Pagsukat.

### Halimbawa – Baitang B ng Patuloy na Pag-unlad sa Pagsulat

| Baitang A | Baitang B | Baitang C | Baitang D | Baitang E | Baitang F |
|---|---|---|---|---|---|
| *Pagsulat ng Parteng Gagampanan* | *Eksperimentong Pagsulat* | *Umpisang Pagsulat* | *Kinaugaliang Pagsulat* | *Bihasang Pagsulat* | *Dalubhasang Pagsulat* |

### Eksperimentong Pagsulat

Alam na ng mga batang nasa baitang na ito na maaring isulat ang pananalita at ang salitang naisulat ay mananatiling pirmi. Alam na nila ang kaliwa't kanan sa pagsulat at nag-eeksperimento na sa pagsulat ng mga letra at salita.

Mga kasaling palatandaan sa tanging baitang na ito:

- pagbasa ng sariling sulat;
- pagsubok ng nakikilalang uri na pagsulat, halimbawa: mga listahan, mga sulat, mga kuwento, mga mensahe;
- pagsulat ayon sa pagbigkas ng salita
- paggamit ng pagsulat sa pagbibigay kahulugan;
- pag-unawa na ang imprenta ay di-magbabago;
- pagsulat mulang kaliwa papuntang kanan, at saka mula sa itaas pababa;
- pagkilala sa pagkakaayon ng sinulat at nabigkas na salita;
- umaasa ng maigi sa mas maliwanag na tunog ng isang salita kapag nagbabaybay – halimbawa "hd" para sa "heard".

Upang masubaybayan ang pag-unlad ng inyong anak, gagamit ang mga maestra ng mga karaniwang sang-ayunang palatandaan sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang. Nagkakaloob ang mga palatandaang ito ng balangkas sa mga guro upang mabantayan ang kahanga-hangang nagawa ng inyong anak sa unang panahon ng kanilang kabataan.

Ginugrupo ang mga palatandaan sa mga baitang ng kaunlaran. Inilalarawan ng pag-gugrupo ng mga palatandaan ang lahatang huwaran ng pag-aaral na pangkaraniwan sa mga bata. Ang kompletong pangkat ng mga baitang para sa tampulang palatandaan ay tutukuyin ng mga maestra na *developmental continuum (patuloy na pag-unlad)*. Mga halimbawa ng palatandaan sa Pagsulat at Bilang ay kasali sa polyetong ito.

## Paanong mapatunayan ng mga maestra ang kanilang mga obserbasyon tungkol sa kakayahan ng inyong anak sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang?

Sa 1995, bawa't bata na nasa Taon 2 ay sasali sa mga ibang itinakdang pagsusubok sa buwan ng Agosto/Septiyembre. Itong mga pagsusubok na ito ay magiging normal na gawain sa loob ng silid-aralan, nguni't itututok ito isa-isa sa mga bata.

Ang resulta nitong mga pagsusubok na ito ay makakatulong sa mga guro sa pagpapasiya tungkol sa kaunlaran ng bawa't bata.

Mulang 1996 ang mga pagsusubok na ito ay gaganapin taon-taon sa buwan ng Mayo. Ang tawag sa sistemang pagsusubok na ito ay *validation (pagpapatibay)*.

## Anong karagdagang tulong ang matatanggap ng mga bata?

Ang karagdagang tulong na ibibigay sa mga bata ay isaalang-alang ang espesiyal na pangangailangan ng bata sa pag-aaral. Ipopokus din sa mga bagay na nakakaapekto sa pag-unlad ng bata.

Angkop na tulong ay pagkakaloob ng mga guro, at ng mga tagapayong pagtuturo sa karunungang bumasa't sumulat o pagbilang at ng mga espesiyal na maestra na kusang kinuha upang makatulong sa sistema ng Net.

Ang prinsipal, sa pakikipagtulungan ng mga espesiyal na komite ng paaralan o ng katumbas nito, komite ng katarungang panlipunan, ay siyang mananagot sa paggawa ng mga plano na makakatulong sa mga bata na natuklasan ng sistema ng Net.

## Halimbawa – Baitang C ng Patuloy na Pag-unlad sa Pagbilang

| **Baitang A** | **Baitang B** | **Baitang C** | **Baitang D** | **Baitang E** | **Baitang F** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Pagsaliksik ng kapaligiran* | *Maagang Pagdiskubre ng mga Numero* | *Umpisang Pag-aral ng Bilang* | *Maagang Pagkilala ng Halaga* | *Maagang Paggamit ng Malalaking Numero* | *Mas Malawak na Kaalaman sa Halaga* |

### Umpisa ng Pag-aaral sa Pagbilang

Ang mga bata na nasa baitang na ito ay alam na ang pamamaraan sa pagsulat ng mga numero. Maihahambing na nila ang sukat ng mga grupo sa pagtutumbas ng mga bagay, o sa pagtutumbas ng sukat ng buong grupo kung ang bilang ng grupo ay tatlo o mababa sa tatlo. Matatandaan din nila ang pagdagdag ng mga simpleng numero na abot sa sampu.

Kasali sa mga palatandaan sa baitang na ito ay ang mga:


- pagbilang na pasulong at pabalik;
- pag-unawa ng isa't sa isa;
- kayang bumilang ng makatuwiran;
- paghahambing at pagbubukod ng mga numero hanggang 10;
- pagkilala ng mga numero hanggang 10;
- pag-unawang magdugtong ng bilang;
- pagkalkula at pagsulat ng addition hanggang 10;
- paggunita ng addition hanggang 10;
- paggamit ng akmang salita sa situwasyong matematika;
- paglutas ng problema sa paggamit ng iba-ibang paraan;
- paggamit ng mga numero sa situwasyong may kasangkot na pera.

## Paano ang pagbalita ng mga eskuwelahan sa mga magulang?

Bilang bahagi ng Ang Pamamaraang Pusususuri sa Taon 2, lahat ng mga eskuwelahan ay magpapadala ng nakasulat na report sa mga magulang ng mga nasa Taon 1 at 2. Ito ay susundan ng paanyaya na makausap ang maestra tungkol sa kaunlaran ng inyong anak.

Sa bawa't takdang baitang ng karunungang bumasa't sumulat at pagbilang, babanggitin sa nakasulat na report kung anong baitang ang naabot ng inyong anak, at magbibigay ng paliwanag tungkol dito. Magpapahayag din ng kuro-kuro ang maestra tungkol sa kaunlaran ng inyong anak sa bawa't baitang ng pag-aaral.

Pagkatapos aanyayahan kayo ng maestra na pag-usapan ang kaunlaran ng inyong anak. Sa miting na ito, ipapakita sa inyo ang Individual *Student Profiles (Sariling kasaysayan)* ng inyong anak, na nagkakalaman ng detalyeng impormasyon tungkol sa kaunlaran ng inyong anak sa karunungang bumasa't sumulat at pagbilang.






## Paanong makakuha ng karagdagang kaalaman ang mga magulangg tungkol sa Net?

Upang matiyak ang tagumpay ng Ang Pamamaraang Pagsusuri sa Taon 2, mahalaga na magtulungan ang mga magulang at mga eskuwelahan. Importante rin na lubusang nauunawaan ng mga magulang at maestra ang sistema. Tumatanggap ng pagsasanay ang mga maestra upang matulungang isagawa ang pamamaraan ng Net. Sa bandang katapusan nitong taon, bibigyan kayo ng mas detalyeng impormasyon tungkol sa kabuuan ng Net. Kung kayo ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa pakinabang ng inyong anak sa Year 2 Diagnostic Net, makipag-alam sa prinsipal ng eskuwelahan.

©The State of Queensland (Department of Education) 1995

**THE YEAR 2 DIAGNOSTIC NET**

**Tumataguyod sa Kaunlaran ng Karunungang Bumasa't Sumulat at Pagbilang sa mga Unang Taon ng Pag-aaral**

# THE YEAR 2 DIAGNOSTIC NET – REPORT
# ANG PAMAMARAAMG PAGSUSURI TAON 2 –REPORT

**Tumataguyod sa kaunlaran ng karunungang bumasa't sumulat at pagbilang sa mga unang taon ng pag-aaral**

| Pangalan | Klase | Maestra | Semestre | Taon |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

***Sagot*** ■ Su niño demuestra todos los índices clave de esta etapa del desarrollo ☒ Nakikita sa inyong anak ibang palatandaan ng baitang ng kaunlaran na ito

## Pagbabasa

***Baitang A***

☐ PAGBABASA NG PARTENG GAGAMPANAN

Nagpapakita ang bata ng ugaling parang-nagbabasa habang nagkukuwento. Nagpapakita ng natural na pagkawili sa mga aklat at sa wika ng pagsusulat.

***Baitang B***

☐ EKSPERIMENTO SA PAGBABASA

Gumugamit ang batang nagbabasa ng mga nakikilalang salita upang maipares ang mga ibang binibigkas at sinusulat na salita. Nauunawaan niya na ang printa ay nagkakalaman ng palagiang mensahe at nag-uumpisang ituro ang mga salitang nakasulat. Maaaring magbibigay rin siya ng kuro-kuro tungkol sa mga larawan, subali't pambihirang magtanong tungkol sa mga nakasulat.

***Baitang C***

☐ UNANG PAGBABASA

Maaaring sinasadyang magbasa ng mabagal ng bata ng di-kilalang salita habang pinopokus ang pagbabasa sa pahinang yoon. Nag- uumpisa na siyang gumamit ng sariling pamamaraan - halimbawa: mga paraan sa pagbabasa ng di-kilalang salita. Kung minsan nagbibigay ng kuro-kuro at nagtatanong.

***Baitang D***

☐ PAGBABAGONG PAGBABASA

Nag-uumpisa ng pinagsasama-sama ng bata ang iba-ibang paraan ng pagbabasa. Kaya na niyang lagpang ang kanilang pagbabasa sa iba- ibang uri na salita. Sa tulong ng maestra nagbibigay siya ng kuro-kuro at namumuna na.

***Baitang E***

☐ SARILING PAGBABASA

Makahulugan at kusa ang pagbabasa kapag nakakasagupa ng mahirap na salita. Mayroong mas malaking kakayahan ang bata sa pag-unawa na kung ano ang pangkasalukuyang kaalaman at kung ano ang bago. Maaari niyang hamunin ang mga salita, gumamit ng katibayan mula sa sariling karanasan.

## Pagsusulat

***Baitang A***

☐ PAGSULAT ng PARTENG GAGAMPANAN

Nag-uumpisa na ang bata na maintindihan ang bagong bahagi ng wika,yoong mga nakasulat. Nag-eeksperimento siya sa pagsulat sa papel kapag may gustong sabihin o kinokopya ang pagsulat ng nakatatanda.

***Baitang B***

☐ EKSPERIMENTO SA PAGSULAT

Alam na ng bata na maaaring isulat ang salita at ang nasulat na mensahe ay hindi magbabago. Naiintindihan niya na ang pagsulat ay mula sa kaliwa papuntang kanan at nag-eeksperimento rin sa pagsulat ng mga letra at salita.

***Baitang C***

☐ UMPISANG PAGSULAT

Nagsusulat na ang bata ng mga bagay na makahulugan sa sarili. Nag-uumpisa nang kilalanin ang pangangailangan ng iba. Nagkakaroon na ng pag-unawa sa pangungusap subali't maaaring makaya lang isulat ang isa o dalawang bagay sa isang beses – halimbawa; ispeling nguni't walang bantas.

***Baitang D***

☐ KINAUGALIANG PAGSUSULAT

Kilala na ng bata ang karamihang panig ng sistema ng pagsulat at kayang pumili ng mga uri na babagay sa iba-ibang hangarin. Ang pamamahala niya sa paggawa, bantas at ispeling ay maaring magiba- iba ayon sa kahirapan ng sinusulat.

***Baitang E***

☐ BIHASANG PAGSUSULAT

Ang bata ay unti-unti nang magkaroon ng pansariling pamamaraan sa pagsulat at kayang doktorin ang mga uri ng pagsulat upang bagayan ang kanyang hangarin. Kayang-kaya na niya ang ispeling at pagbabantas. Malawak na ang kaniyang bukabularyo at ang kaniyang pagsulat ay nagkakaugnay-ugnay, maliwanag at nakasisiya.

# YEAR 1 REPORT – LITERACY AND NUMERACY
# TAON 1 REPORT - KARUNUNGANG BUMASA'T SUMULAT AT PAGBILANG

**Impormasyon para sa mga magulang: bahagi ng pamamaraang pagsusúri sa taon 2**

| Pangalan | Klase | Maestra | Semestre | Taon |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

***Sagot*** ■ Su niño demuestra todos los índices clave de esta etapa del desarrollo ☒ Nakikita sa inyong anak ibang palatandaan ng baitang ng kaunlaran na ito

## Pagbabasa

***Baitang A***

☐ PAGBABASA NG PARTENG GAGAMPANAN

Nagpapakita ang bata ng ugaling parang-nagbabasa habang nagkukuwento. Nagpapakita ng natural na pagkawili sa mga aklat at sa wika ng pagsusulat.

***Baitang B***

☐ EKSPERIMENTO SA PAGBABASA

Gumugamit ang batang nagbabasa ng mga nakikilalang salita upang maipares ang mga ibang binibigkas at sinusulat na salita. Nauunawaan niya na ang printa ay nagkakalaman ng palagiang mensahe at nag- uumpisang ituro ang mga salitang nakasulat. Maaaring magbibigay rin siya ng kuro-kuro tungkol sa mga larawan, subali't pambihirang magtanong tungkol sa mga nakasulat.

***Baitang C***

☐ UNANG PAGBABASA

Maaaring sinasadyang magbasa ng mabagal ng bata ng di-kilalang salita habang pinopokus ang pagbabasa sa pahinang yoon. Nag- uumpisa na siyang gumamit ng sariling pamamaraan - halimbawa: mga paraan sa pagbabasa ng di-kilalang salita. Kung minsan nagbibigay ng kuro-kuro at nagtatanong.

***Baitang D***

☐ PAGBABAGONG PAGBABASA

Nag-uumpisa ng pinagsasama-sama ng bata ang iba-ibang paraan ng pagbabasa. Kaya na niyang iagpang ang kanilang pagbabasa sa iba- ibang uri na salita. Sa tulong ng maestra nagbibigay siya ng kuro-kuro at namumuna na.

***Baitang E***

☐ SARILING PAGBABASA

Makahulugan at kusa ang pagbabasa kapag nakakasagupa ng mahirap na salita. Mayroong mas malaking kakayahan ang bata sa pag-unawa na kung ano ang pangkasalukuyang kaalaman at kung ano ang bago. Maaari niyang hamunin ang mga salita, gumamit ng katibayan mula sa sariling karanasan.

## Pagsusulat

***Baitang A***

☐ PAGSULAT ng PARTENG GAGAMPANAN

Nag-uumpisa na ang bata na maintindihan ang bagong bahagi ng wika,yoong mga nakasulat. Nag-eeksperimento siya sa pagsulat sa papel kapag may gustong sabihin o kinokopya ang pagsulat ng nakatatanda.

***Baitang B***

☐ EKSPERIMENTO SA PAGSULAT

Alam na ng bata na maaaring isulat ang salita at ang nasulat na mensahe ay hindi magbabago. Naiintindihan niya na ang pagsulat ay mula sa kaliwa papuntang kanan at nag-eeksperimento rin sa pagsulat ng mga letra at salita.

***Baitang C***

☐ UMPISANG PAGSULAT

Nagsusulat na ang bata ng mga bagay na makahulugan sa sarili. Nag-uumpisa nang kilalanin ang pangangailangan ng iba. Nagkakaroon na ng pag-unawa sa pangungusap subali't maaaring makaya lang isulat ang isa o dalawang bagay sa isang beses – halimbawa; ispeling nguni't walang bantas.

***Baitang D***

☐ KINAUGALIANG PAGSUSULAT

Kilala na ng bata ang karamihang panig ng sistema ng pagsulat at kayang pumili ng mga uri na babagay sa iba-ibang hangarin. Ang pamamahala niya sa paggawa, bantas at ispeling ay maaring magiba- iba ayon sa kahirapan ng sinusulat.

***Baitang E***

☐ BIHASANG PAGSUSULAT

Ang bata ay unti-unti nang magkaroon ng pansariling pamamaraan sa pagsulat at kayang doktorin ang mga uri ng pagsulat upang bagayan ang kanyang hangarin. Kayang-kaya na niya ang ispeling at pagbabantas. Malawak na ang kaniyang bukabularyo at ang kaniyang pagsulat ay nagkakaugnay-ugnay, maliwanag at nakasisiya.

***Sagot*** ■ Nakikita sa inyong anak lahat ng mga palatandaan ng baitang ng kaunlaran na ito ☐ Nakikita sa inyong anak ibang mga palatandaan ng baitang ng kaunlaran na ito

## Numero

***Baitang A***

☐ PAGSALIKSIK NG KAPALIGIRAN

Sa pagsaliksik ng kaniyang kapaligiran, natututo ang bata sa mga karanasan na tumutulong sa maagang pag-unawa sa matematika at ibang bahagi ng kaunlaran.

Natututo ang bata tungkol sa dami at hugis at laki ng mga iba-ibang bagay at gumagamit ng ibang uring pag-unawa. Sinisiyasat ang kalalabasan ng kaniyang mga gawain. Nag-uumpisang gumamit ng wika at simpleng guhit sa pagbibigay-alam ng kaniyang pag- iisip. Karamihan napupuna itong mga kaunlaran kapag naglalaro ang bata sa dahilang ipinapahayag niya ang kaniyang mga damdamin at gumaganap ng mga karanasan na mahalaga sa kaniya.

***Baitang B***

☐ MAAGANG PAGDISKUBRE NG MGA NUMERO

Patuloy ang matalik na pag-uugnay ng pag-aaral ng bata sa kaniyang paligid at araw-araw na kalagayan. Higit sa lahat, natututuhan niya ang tungkol sa sukat, posisyon, hugis, dami, kulay, yari at lasa.

Ang bata ay nagsasaliksik ng mga bagay-bagay sa bahay, sa komunidad at sa kalikasan. Linulutas niya ang pansariling problema sa pag-aakto ng situwasyon.

Ang bata ay nagbibilang at namamares ng mga maliliit na grupong bagay-bagay. Nanananda ng mga bilang na mayroong ugnayan sa kaniyang paligiran. Ginagamit niya ang sariling senyas at sariling pangaraw-araw na wika sa paglarawan ng mga numero.

***Baitang C***

☐ UMPISA NG PAG-AARAL NG BILANG

Ang bata ay mayroon ng pag-unawa sa mga numero hanggang 10, subali't ang kanyang kakayahang bumilang ay umaabot sa matataas na numero.

Maihahambing na ng bata ang sukat ng mga grupo sa pagtutugma ng mga bagay-bagay o sa tingin lang kung ang bilang ay tatlo o kaunti. Nagpapakita na siya ng pag-unawa ng isa't sa isang gawain–ibig sabihin, kaya na niyang ihambing at itugma ang mga bagay-bagay sa dalawang grupo.

Alam na ng bata ang mga karaniwang paraan sa pagsulat ng numero at ang ispeling nito. Nakakaintindi na ang bata sa pagdudugtong(addition) ng mga numero at maisusulat ang kalkulasyon sa paggamit ng tambilang at ng sagisag ng addition (+). Natatandaan na ng bata ang mga madadaling addition na umaabot hanggang 10.

***Baitang D***

☐ MAAGANG PAGKILALA NG HALAGA

Nag-uumpisang makaunawa ang bata sa paggamit ng mga numerong may tigdadalawang tambilang–kagaya ng, ang halaga ng tambilang na nasa "sampu" at "isang" lugar. Nakakabasa na siya, sulat, bilang, maghambing, kilala at kalkula ng mga numero abot hanggang 99. Kaya na rin niyang ilarawan ang mga numerong ito sa paggamit ng ibang materiales.

Nagpapakita na rin ang bata ng pag-unawa sa addition at subtraction (pag-awas) kapag naghahanap ng sagot sa problema at nagkakalkula ng mga numero hanggang 99. Marunong na siyang gumamit ng lenguaheng matematika kapag nagdudugtong at nag-aawas. Natatandaan niya ang simpleng paraan sa pagdugtong hanggang 18 at ginagamit itong paraan na ito kapag nagdudugtong ng mga numerong abot hanggang 99. Natatandaan na rin niya ang mga paraan sa pag- awas hanggang 10.

***Baitang E***

☐ MAAGANG PAGGAMIT

Ang pag-unawa ng bata sa pagsulat ng mga bilang ay umaabot na sa tatlong-tambilang na numero. Ito ay napupuna kapag siya ay nagbibilang, nagsusulat at nagkakalkula ng mga numero abot hanggang 999. Ito ay makikita sa kaniyang paggamit ng mga materiales pangmatematika. Namamares din siya at nagbubukod- bukod ayon sa katangian at kaugnayan kasali ang "odd" (gansal) o "even" (pares), at "equal" (pantay) o "not equal" (di-pantay). Gumagamit ang bata ng lenguaheng matematika kapag pinag-uusapan ang mga ugnayan at katayuan ng mga numero.

Kaya na ng bata ang magdugtong at mag-awas ng mga numero na abot hanggang 999. Natatandaan niya ang mga paraan sa pag-awas hanggang 18. Nagpapakita na rin siya ng pag-unawa sa multiplication (Pagpaparami) at natatandaan na rin ang mga ibang paraan sa paggawa nito.

| Lagda ng Maestra | Petsa | Lagda ng Prinsipal | Petsa | Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga | Petsa |
|---|---|---|---|---|---|
| ______ | ______ | ______ | ______ | ______ | ______ |

Paaralan ______________________